# ***Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa bundok Yugto 66***

## *Ang Sulat ni Jesus sa simbahan ng mga taga Laodicea Yugto 2*

***‘‘14 At sa anghel ng iglesia sa Laodicea ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Siya Nawa, ng saksing tapat at totoo, ng pasimula ng paglalang ng Dios : 15 Nalalaman ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay hindi malamig o mainit man: ibig ko sanang ikaw ay malamig o mainit. 16 Kaya sapagka't ikaw ay malahininga, at hindi mainit o malamig man, ay isusuka kita sa aking bibig. 17 Sapagka't sinasabi mo, Ako'y mayaman, at nagkamit ng kayamanan, at hindi ako nangangailangan ng anoman; at hindi mo nalalamang ikaw ang aba at maralita at dukha at bulag at hubad: 18 Ipinapayo ko sa iyo na ikaw ay bumili sa akin ng gintong dinalisay ng apoy, upang ikaw ay yumaman: at ng mapuputing damit, upang iyong maisuot, at upang huwag mahayag ang iyong kahiyahiyang kahubaran; at ng pangpahid sa mata, na ipahid sa iyong mga mata, upang ikaw ay makakita. 19 Ang lahat kong iniibig, ay aking sinasaway at pinarurusahan: ikaw nga'y magsikap, at magsisi. 20 Narito ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok: kung ang sinoman ay duminig ng aking tinig at magbukas ng pinto, ako'y papasok sa kaniya, at hahapong kasalo niya, at siya'y kasalo ko. 21 Ang magtagumpay, ay aking pagkakaloobang umupong kasama ko sa aking luklukan, gaya ko naman na nagtagumpay, at umupong kasama ng aking Ama sa kaniyang luklukan. 22 Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.” (Pahayag 3:14-22 KJV)***

Ang simbahan ng Laodecian ay isang simbahan na nakikisabay sa mga ato, tanggap at pinahintulutan maging maling paniniwala, hindi tamang doktrina, at maling pagsasagawa para lamang makisabay sa tao upang pasiyahan sila at makuha ang kanilang lingap. Sinabi ni Jesus sa kanila dahil sa kanilang pagpayag kahit sa maling upang para lamang pasiyahan ang mga ato, na isusuka Niya sila mula sa KAnyng bibig, ***“16 Kaya sapagka't ikaw ay malahininga, at hindi mainit o malamig man, ay isusuka kita sa aking bibig.” (Pahayag 3:16 KJV)*** Bakit sila isusuka ni Jesus mula sa Kanyang bibig? ***“17 Sapagka't sinasabi mo, Ako'y mayaman, at nagkamit ng kayamanan, at hindi ako nangangailangan ng anoman; at hindi mo nalalamang ikaw ang aba at maralita at dukha at bulag at hubad:” (Pahayag 3:17 KJV)***

***Sapagka't sinasabi mo, Ako'y mayaman, at nagkamit ng kayamanan, at hindi ako nangangailangan ng anoman;”*** Sa bayan ng laodecia mayroong mayayaman, sila ay mayroong ginto at maraming materyal na mga mapagkuknan at ang kasaganang ito ng materyal ay nagbigay sa kanilang ng pagmamalaki at kaibahan sa Panginoon. Ang simabahan ng Laodecia sa kanilang mga pakikikompromiso ay maaring sabihin sa Panginoon ang sumusunod: “Hindi ka naming kailangan kundi kailangan naming ang mga tao at ang lingap para sa amin. “ o maari silang matukso sa paraang ito na sabihin, “Dahil pinagpala kami ng Panginoon ibig sabihin na pinagpala Niya kami dahil kami’y mabuti.” Sila’y mayroong magandang saloobin tungkol sa kanilang sarili na kakaiba mula sa masamang saloobin ng Panginoon tungkol sa kanila. Sinasabi ng Panginoon sa kanila, ***"Sapagka't sinasabi mo, Ako'y mayaman, at nagkamit ng kayamanan, at hindi ako nangangailangan ng anoman;”*** Sila’y mayroong pagmamalaki at pagmamataas at hindi makita ang kanilang sarili sa tamang daan. Kaya naman ipinadala ng Panginoon sa kanila ang sulat na ito upang sila’y magising at makita ang kanilang sarili sa tamang daan. At narito ang Panginoon ay hinaharap sila kung saan sila naroroon. ***"at hindi mo nalalamang ikaw ang aba at maralita at dukha at bulag at hubad:”*** Hindi lamang sinasaway ng Panginoon ang simbahang iyon kundi hinahamak din sila, sinasabi sa knaila, “Sinasabi mo na ikaw ay mayaman, may salapi, may mga kayamanan, may kasaganaan sa materyal na mga bagay, at ikaw may kayamanan, ngunit hinid mo batid at hindi mo alam na ikaw ay:

1. ***Aba:*** Sinabi ni Jesus sa kanila, ‘‘Ang iyong buhay ay may kaabahan, kalungkutan, at walang kapahingan, kagalakan, at kapayapaan sa buhay.
2. ***Maralita:*** Sinabi ni Jesus sa kanila. ‘‘Nakikita ko ang iyong karalitaas sa espirituwal na pagkasira na iyong pinagdaraanan.
3. ***Dukha:*** Sinabi ni Jesus sa kanila: “na sa kabila ng lahat ng materyal na mga bagayana mayroon ka sa iyong buhay ; ikaw ay dukha sa harapan ng Panginoon, ikaw ay dukha sa espirituwal.’’
4. ***at bulag:*** Sinabi ni Jesus sa kanila na, ‘‘Ikaw ay bulag sa espirituwal dahil hindi mo nakikita ang totoong kalagayan, at hindi mo nakikita ang iyong tunay na pagkasira.’’
5. ***at hubad:*** Ang bayang ito ay kilala sa pagpaparami ng mahusay na sutla at sa paggawa ng kasuotan, ngunit sa kabila niyon sinabi ni Jesus sa kanila na nakikiat Niya silang hubad. Sinabi Niya sa kanila, ‘‘Iniisip mo na ikaw ay natatakpan ng mabubuting kasuotan, nguit ang katotohanan niyon ay ikaw ay hubad., ikaw ay hubad sa espirituwal, at lantad at kahiya-hiya sa espirituwal na pagkasira ng iyong pinagdaraanan.’’ Ang mga taga-Laodecia ay isang bukas na aklat sa harapan ng Panginoon.

*****Ngayon binabasa tayo ng Panginoon sa kabuuan bilang isang bukas na aklat sa harapan Niya. Nakikita at nababasa Niya kung anong nasa loob natin at kung sino tayo. Ang Panginoon ay hindi malilinlang sa ating panlabas na anyo. Hindi Siya malilinlang sag into na isinusuot natin, sa magagandang damit, o sa salapi na mayroon tayo. Ang Panginoon ay hindi malilinlang sa pamamagitan ng magagandang damit na iyong isinusuot, ngunit nakikita Niya ang iyong walang katapatan at kung paano hindi ka tapat, isang masamang halimbawa,

nakikopromiso sa hindi pagbibigay ng tamang Salita ng Dios sa mga taong kasama mo at ang mga taong nakapaligid sa iyo upang para lamang panatilihin ang iyong pakikipagkaibigan sa kanila. * Nakikita Niya kung paano ka sumasang-ayon at nanatiling tahimik tungkol sa mali, at kung paano ka lumalakad kasama ng mga tao, at kung paano ka kumikilos sa opinyon ng karamihan kahit na ito ay mali at batid mo iyon ngunit ayaw mong magalit ang mga tao o kamuhian ka o layuan ka. * Dapat mong malaman na ang pakikikompromiso ay magliligaw pa sa mga tao na nakikinig sa iyo at iyon ay mkakapinsala sa kanila. Iyon ang tunay na suliranin ng simbahan ng Laodecia at kaya naman ipinadala sa kanila ni Jesus ang mabigat na saway, upang pigilan sila at gisingin sila upang sila'y magsisi.

***"18 Ipinapayo ko sa iyo na ikaw ay bumili sa akin ng gintong dinalisay ng apoy, upang ikaw ay yumaman: at ng mapuputing damit, upang iyong maisuot, at upang huwag mahayag ang iy0 ong kahiyahiyang kahubaran; at ng pangpahid sa mata, na ipahid sa iyong mga mata, upang ikaw ay makakita." (Pahayag 3:18 KJV)*** Ang Panginoon ay binigyan sila ng payo at binilinan sila na sundin ang Kanyang mga tagubilin, Ang Panginoon ngayon ay binibigyan ka ng payo, mula sa Kanyang awa, at hiniling sa iyo na sundin ang mga paying ito at gaya ng mg sumusunod:

***"Bumili sa akin ng gintong dinalisay ng apoy,"*** Sinasabi Niya sa kanila at sinasabi sa atin ngayon, ang ginto na mayroon ka ay hindi tama, at hindi ito makakakapagpayaman sa iyo. Upang maging mayaman sinabi ni Jesus bumili sa kanya ng gintong sinubok at dinalisay sa apoy. Bakit ang simbahang iyon ay nakikikompromiso sa mga tao? Dahil nais nilang lumayo mula sap ag-uusig at mula sa paglikha ng mga suliranin at kaguluhan sa mga taong nakapalibot sa kanila kaya naman sila'y nakikikoprmiso sa mga tao. Ngunit alam na alam natin kung hindi tayo dadaan as maraming kapighatian hindi tayo makakapasok sa Kaharian ng Dios. Sinabi ni Pablo at Barnabas sa mga alagad, ***"Na pinatitibay ang mga kaluluwa ng mga alagad, at inaaralan sila na magsipanatili sa pananampalataya, at sa pamamagitan ng maraming mga kapighatian ay kinakailangang magsipasok tayo sa kaharian ng Dios." (Mga Gawa 14:22 KJV)*** Ang simbahan ng Laodecia ay lumalayo mula sa mga kaguluhan at kapighatian.

Kailangan mong ibigay ang Salita ng Dios nang tiyak. Si Juan Bautista, nang hinarap si Herodes sinabi niya sa kanya na, "Wala kang karapatang ariin ang asawa ng iyong kapatid." ***"3 Sapagka't hinuli ni Herodes si Juan, at siya'y iginapos, at inilagay sa bilangguan dahil kay Herodias, na asawa ni Felipe na kaniyang kapatid. 4 Sapagka't sinabi ni Juan sa kaniya, Hindi matuwid sa iyo na aariin mo siya. 5 At nang ibig niyang ipapatay siya, ay natakot siya sa karamihan, sapagka't siya'y kanilang ibinibilang na propeta." (Mateo 14:3-4 KJV)*** Ginawa ni Juan na maunawan ni Herodes na ang kanyang ginawa ay pangangalunya at kailangan niyang humiwalay sa kanya. Si Heros at Herodias ay nagalit sa kanya. * Mayroong pagkakataon na kailagan nating sabihin ang tamang Salita kahit na itoy magdala ng mga kaguluha dahil may pananagutan tayong maging tapat at matapat na mga saksi sa Dios at kay Jesus. * Sa tiyak na pagkakataon, walang ibnag paraan para sa iyo kundi salitain ang katotohanan sa mga tao. Maaring likhain mo para sa iyon ang mga krisis dahil sa Salita ng Dios, ngunit ikaw ay pinilit na gawin iyon dahil ang sumabahan ay kandelero na nagdadala ng ilawan upang magbigay ng liwanag. Sa pamamagitan ng pagbibigay tiyak ng Salita ng Dios sa lahat ng mga ato na bahagi ng simbahan at nakapalibot sa iyo at sa inaabot ng simbahan. Sa aklat ng ***Pahayag 1,*** ang pitong simbahan ay ang pitong kandelero ***"12 At ako'y lumingon upang makita ang tinig na nagsasalita sa akin. At nang ako'y lumingon ay nakita ko ang pitong kandelerong ginto: 13 At sa gitna ng mga kandelero ay may isang katulad ng isang anak ng tao, na may suot na damit hanggang sa paa, at may bigkis ang dibdib na isang pamigkis na ginto. 20 Ang hiwaga ng pitong bituin na iyong nakita sa aking kanang kamay, at ng pitong kandelerong ginto. Ang pitong bituin ay ang mga anghel ng pitong iglesia: at ang pitong kandelero ay ang pitong iglesia." (Pahayag 1:12-13, 20 KJV)*** Ang kandelero ay gawa sag into upang magbigay liwanag, ang tiyak na Salita ng Dios, katulad ng dinalisay na ginto sa apoy na iminungkahi ni Jesus sa simbahan ng Laodecia na bumili mula sa Kanya. Kaya't kailangan nating manindigan at huwag makikompromiso sa mga tao.

Hindi ko sinasabi dito na pumunta ka sa hari at sa hukom ng bayan at sabihi na gumagawa ka ng pangangalunya, ngunit kung ikaw ay tinawag na salitain at sabihi ang katotohanan kailangan mong ipahayag ang Salita ng Dios nang malinaw sa sasabihang mga tao. Kung ikaw ay nasa ganoong kalagayn gaya ng kalagayan ng pag-aasawa ni Heros kay Herodias at ang iyong opinyon ay hiniling na maibigay, sa gayon kailangan mong sabihin na ito ay pangangalunya at kailangan nilang maghiwalay.

Kailangan mong ipahayag nang maliwanag: "Ito ay hindi makatarungan", "ito ay pangangalunya", "ito ay pangingikil", "ito ay pandaraya". "ito ay pananamantala", atbp. Kailagan mong ipahayag ang Salita ng Dios nang maliwanag sa parehong para gaya ng ipinahayag ni Jesus ito, Si JesuCristo ay hindi nakikompromiso sa mga Fariseo at sa mga Judio, kahit na noong kinuha nila Siya at ipinako Siya. Hindi Siya nakikompromiso sa kanila o pinapurihan sila. Ang ilang pagkakataon na kailangan nating manindigan, aliman na maging malamigo mainit ngunit huwag maging maligamgam. Ang pagiging maligamgam sa ating buhay ay magsisiklab ng pagkahilo o masamang pakiramdam sa paningin ng Panginoon at isusuka Niya tayo mula sa Kanyang bibig, Ang pagsusuka sa atin ay nangangahulugang mawala sa atin ang kaligtasan. Kaya kailangan nating magsisi at bumalik sa Panginoon.

Ang Panginoon nang sinabi Niya sa kanila, ***"Bumili sa akin ng gintong dinalisay ng apoy"***, mababasa din natin ang tungkol sa dinalisay n aginto sa unang sulat ni Pedro, ***"6 Na ito ang inyong totoong ikinagagalak, bagama't ngayo'y sa sangdaling panahon, kung kailangan, ay pinalumbay kayo sa muli't muling pagsubok, 7Upang ang pagsubok sa inyong pananampalataya na lalong mahalaga kay sa ginto na nasisira bagama't ito'y sinusubok sa pamamagitan ng apoy, ay masumpungan sa ikapupuri at ikaluluwalhati at ikararangal sa pagpapakahayag ni Jesucristo:" (1 Pedro 1:6-7 KJV)*** Tayo ay masaya at nagagalak sa Panginoon sa ating buhay, ngunit may kabigatan dahil sa iba't ibang mga pagsubok at tukso, at ang mga pagsubok na ito at tukso ay nagdadala at nagdadagdag sa ating buhay ng kalungkutan. Ngunit ito ay may pakinabang dahil ito ay magiging papuri sa iyo na iyong pananampalatay y mas mas mahalaga kaysa sa gintong dinalisay sa apoy, na magpapatunya na ikaw ay tapat. Ang ginto ay sinubok sa apoy, ngunit ang ating pananampalataya ay sinusubok sa iba't ibang mga pagsubol at tukso. Kung tayo'y manindigan sa gayon tayo'y magkakaroon ng papuri, parangal, at kaluwalhatian mula sa Panginoong JesuCristo. Ngunit ang sulat ni Jesus sa mga taga-Laodecian ay isang paghamak sa kanila. Hinahamak Niya sila nang sinabi Niya sa kanila, ***"hindi mo nalalamang ikaw ang aba at maralita at dukha at bulag at hubad:"*** At nang sinasabi Niya sa kanila, ***"Ipinapayo ko sa iyo"***, ibig sabihin sila'y walang tamang pag-iisip na magisip. Hinahamak Niya sila, Kaya't nais ng Panginoon sa atin ngayon na ihayag ang Salita ng Dios nang tiyak kahit na tayo'y dumadaan sa masalimuo't na pangyayari. Dapat huwag tayong makikompromiso kundi ibigay ang Salita ng Dios alinsunod sa kalooban ng Dios, upang tayo'y maging epektibo. Kapag ipinamuhay natin ang ating buhay tinatanggap ang mga pagsubok at tukso, ang mensahe na lalabas mula sa atin ay higit na epektibo sa ating buhay sa mga taong nakapalibot sa atin. Kaya dito nang pinayuhan ng Panginoon ang mga simbahan ng Laodecia na bumili ng gintong dinalisay sa apoy upang maging tunay na maging mayaman; ibig sabihin niyon ay kinakailangan nilang tanggapin ang buhay na may mga pagsubok, kapighatian at tukso.

Pinayuhan din sila ni Jesus na bumili, ***"mapuputing damit, upang iyong maisuot, at upang huwag mahayag ang iy0 ong kahiyahiyang kahubaran; at ng pangpahid sa mata, na ipahid sa iyong mga mata, upang ikaw ay makakita."*** Ang kahulugan ng putting damit ay katuwiran ng mga gawa ng mga banal. * Mayroong tiyak na gawain na nais ng Dios na gawin mo, gawain na nauna Niyang inihanda para sa iyo. Na kapag ginawamo ang gawaing ito ikaw ay talagang daramitan at iyong kahubaran at matatakpan at hindi makikita. * Ang mananampalatayakay Cristo nang hindi nila nagawa ang gawain na inihanda ng Dios na gawin nila, sa gayon sila'y katulad ng hubad na mga tao at sila'y nasa kahihiyan, tayo ay nasa kahihiyan kung hindi tayo nageevangelio at abutin ang bagong mga tao. Tayo ay hubad at lantad sa kahihiyan kung tayo'y bigong gumawa ng bagong mga alagad.

Pinayuhan din sila ni Jesus, ***"at ng pangpahid sa mata, ipahid sa iyong mga mata, upang ikaw ay makakita."*** Sinabi Niya sa kanila na, "Ikaw ay bulag at kailangan mo ng Banal na Espiritu upang magawa mong makita nang malinaw ang katotohanan ng Dios na ikaw hindi mo makita ng iyong pansariling mga mata." Kapag tinanggap natin at tinamo ang Salita ng Dios at tinanggap ang kalooban ng Dios sa gayon matatanggap natin ang Banal na Espiritu, at iyon ang panahon para sa atin upang makita nang malinaw ang mabubuting plano ng Dios para sa atin na Kanyang itinalaga.

***"19 Ang lahat kong iniibig, ay aking sinasaway at pinarurusahan: ikaw nga'y magsikap, at magsisi." (Pahayag 3:19 KJV)*** Sinabi ni Jesus sa kanila na, "Ang isa na aking iniibig aking sasawayin at didisiplinahin". Ang mensahe na ito na ipinadala sa kanila iyon ay ang Kanyang pagsaway ar ang Kanyang paghamak sa kanilang masamang mga gawa at iyon ang Kanyang masakit na pagdidisiplina patungo sa kanila upang ituwid sila upang magsisi. Ang masakit na sulat na iyon ang patunay na iniibig Niya silam at iyon ang Kanyag pagibig sa kanila.

Walang mabuti sa simbahang iyon, nang ang Salita ng Dios ay ipinakompromiso at binago sa kalidad at inihayag at ipinahayag sa pagbabago sa maling paraan upang pasiyahin ang mga tao. Nang ang Salita ng Dios ay hindi ipinahayag sa tamang paraan na nararapat doon, dahil ayaw nating saktan ang mga damdamin ng ilang mga tao, sa gayon ang Panginoon sa gayong paraan ay magagalit sa atin at sasawayin Niya tayo at hahamakin tayo at didisiplinahin tayo upang dalhin tayo pabalik sa tamang daan at iyong ang Kanyang pagibig sa atin, Sinabi ni Jesus, ***"Ang lahat kong iniibig, ay aking sinasaway at pinarurusahan: ikaw nga'y magsikap, at magsisi."*** Nais ng Panginoon sa atin ngayon na bumalik sa tamang pagiisip at sa tamang daan at iyon ang kahulugan ng pagsisisi, na magbalik sa makipot na pintuan at makipot na daan sa pagtanggap sa mga kahirapan, at pagtanggap sa paglayo ng mga tao, kaibigan, kamag-anak, at kapitbahay.

***"20 Narito ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok: kung ang sinoman ay duminig ng aking tinig at magbukas ng pinto, ako'y papasok sa kaniya, at hahapong kasalo niya, at siya'y kasalo ko." (Pahayag 3:20 KJV)*** Nang sinabi ni Jesus, ***"Narito ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok:"*** Sa gayon nasaan si Jesus? Si Jesus dito ay wala sa loob ng simbahan, kundi sa labas ng simbahan. Narito ang simbahana ay gingawa kung anong nais nilang gawin at si Jesus ay nakatayo sa labas ng simbahan. Kapag tayo'y nakikompromiso, nagpapuri, nakipagkasundo, pumayag, sa gayon inilalagay natin si Jesus sa labas ng simbahan.

Ang pinaka mahirap na kalgayan sa buhay ng mga mananampalatay na si Jesus ay nasa labas ng kanilang buhay. Ang mga pakikikompromiso at kinukuha ang lahat ng presensya ng Dios sa iyong buhay. Walang mga pagpapala, walang kapangyarihan, walang ministerio, walang himala, at walang paglago. Ang pinaka mahirao para sa alinmang simbahan na ang Dios ay nasa labas ng buhay ng simbaahn, sa labas ng buhay ng pamilya, sa labas ng buhay ng ministerio.

Sinasabi ni Jesus sa kanila, ***:"kung ang sinoman ay duminig ng aking tinig at magbukas ng pinto, ako'y papasok sa kaniya, at hahapong kasalo niya, at siya'y kasalo ko."*** Narito binibigyan sila ng panibagong pagkakataon upang buksan ang pintuan para sa Kanya, upang pahintulutang Siyang muli sa kanilang buhay. Ang isa sa nagbukas sa Kanya, Siya ay papasok at hahapong kasama Niya, sa gayong pagkakataon, mayroong pakikipagpisan, at mayroong presensya ng Dios sa ating buhay. Anong magnadang bagay na ang Panginoon ay nabubuhay kasama natin, kasama nating kumain ang Panginoon, kasama nating lumakasd ang Panginoon, kasama nating natutulog, kasama nating pumaroon at kasama nating bumalik. Ang Panginoon ay kumikilos kasama natin, ang Panginoon ang nakikipagbaka para sa atin, ang Panginoon an lumulutas sa ating mga suliranin, at Siya a y sumasa atin sa bawat suliranin. Ang pakikipagpisan kasama ng Dios ay magiging kagalakan, kapayapaan at kasiyahan. Ang Panginoon ay poprotektahan tao. Kung tinatanggap natin ang mahihinarap na mga kalagayan poprotektahan tayo ng Panginoon. Kung tinatanggap natin na manindigan kasama Niya, Sinabi Niya, ***"ako'y papasok sa kaniya, at hahapong kasalo niya, at siya'y kasalo ko."*** Siya ay naririyan para sa atin at ibibigay ang lahat ng ating pangangailangan at hindi Niya tao iiwang o pababayaan man. Mayroon akong dakilang karanasan sa Panginoon, na anuman na ako'y hinamon ng mga tao na makipagkompromiso sa kanila upang hindi nila ako guluhin, pinili kong dumaan sa mga kapighatian at nang ginawa ko iyon nakikita ko ang presensya ng Dios sa aking buhay. Ang Kanyang lingap, ang Kanyang kapangyarihan, ang Kanyang himala, at ang Kanyang dakilang pagkilos dinadala ang katagumpayan sa aking buhay at sa buhay ng simbahan.

***"21 Ang magtagumpay, ay aking pagkakaloobang umupong kasama ko sa aking luklukan, gaya ko naman na nagtagumpay, at umupong kasama ng aking Ama sa kaniyang luklukan." (Pahayag 3:21 KJV)*** Narito sinabi ng Panginoon sa kanila, ***"Ang magtagumpay."*** Ang tanong ay kung paano tayo magtagumpay? Itinuro sa atin dito ng Panginoon, kung paano magtagumpay, ang katulad na Siya ay nagtagumpay. Si Jesus ay hindi nakikompromiso sa mga Judio. Hindi Niya sinabi sa mga humadlang sa Kanya, "Aking babaguhin ang Salitang ito upang hindi mo maramdaman ang masama tungkol dito," Hindi Niya sinabi, "Aking babaguhin ang paksa upang hindi ka magalit sa akin." Hindi naman, Hindi ginawa iyon ni Jesus, nguni patuloy Niyang ibinigay ang tamang Salita, maging magalit man ang mga tao. Ang Panginoon ay nagpatuloy maging sa punto na Siya ay ipinako, ngunit hindi Siya bumalik as paggawa ng mabuting bagay. Ang Panginoon ay patuloy na mapapasa atin kapag nagpasya tayong gawin ang mabuting bagay. Hindi ipapahintulot ng Panginoon na dumaan sa mga pangyayari nang higit sa ating kakayahan, kundi nais ng Panginoon sa atin na manindigan upan tayo'y magtagumpay. Sinabi Niya ***"Ang magtagumpay, ay aking pagkakaloobang umupong kasama ko sa aking luklukan, gaya ko naman na nagtagumpay, at umupong kasama ng aking Ama sa kaniyang luklukan."*** Inananyayahan tayo dito ng Panginoon na abutin ang mas mas mabuting lugar. Tingnan dito ang totoong pagibig ng Dios, maging man ang Panginoon ay nasa labas ng buhay ng simbahan o sa labas ng iyong buhay, ang Panginoon pa rin ay darating ng may pagbig, kumakatok sa pintuan, inanayayahan ang Kanyang sarili na pumasok sa iyong buhay at sa buhay ng simbahan upang pagpalain ka, pagpalain tayo at pagpalain ang ating simbahan. Nasa Panginoon Nasa Panginoon pa rin ang Kanyang pagibig sa inyo, sa atin at pagibig sa Kanyang simbahan, at nangako Siya na ang nagtagumpay ay mauupo kasama Niya sa Kanyang luklukan. Binibigyan tayo ng Panginoon ng isa pang pagkakataon ngayon na magsisi at bumalik sa Kanya.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Tayo ay bumalik sa Panginoon, tayo ay magsisi at tayo ay magsisi sa ating mga kasalanan, Sabihin sa Panginoon ngayon "Nauunawaan ko ang aking kasalanan na ako'y nakikompromiso at nais ipamuhay ang aking buhay na malayo mula sa mga kapighatian, Ako ay umaasa sa aking pera, sa aking mga kayamanan, sa aking materyal na mga bagay, sa aking mga kaibigan, at sa aking pakikipag-ugnayan sa mga tao. Panginoon patawarin ako dahil sinabi ko, ***"Ako'y mayaman, at nagkamit ng kayamanan, at hindi ako nangangailangan ng anoman;"*** Panginoon bumalik kang muli sa aking buhay, Panginoon patawarin ako dahil inilagay kita sa labas ng aking buhay, sa labas ng buhay ng aking pamilya, sa labas ng aking minsiterio, at sa labas ng simbahan. Panginoon lumapit ka sa aking buhay at maging Hari sa aking buhay. Sabihin sa kanya, Ako'y paparoon saan man ako ipadala at sasalitain ko ang Salita na sinabi mo sa akin at gagawin ko anuman ang iyong hinilingin na gawin ko."

***"22 Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia." (Pahayag 3:22 KJV)*** Ang Panginoon, ang Banal na Espiritu ay nagsasalita sa atin, Nais Niyang lumabas tayo mula sa pagkamaligamgam at maging masigasig sa gawain ng Dios at ipahayag ang Salita ng Dios sa mas epektibong paraan sa buhay ng mga tao sa paligid natin.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios, ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para at nabuhay na maguli sa mga namatay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat sa iyo para sa Salitang ito at sa pagsaway na aking tinaggap mula sa iyo, at muli ikaw ay kumakatok sa aking buhay.*

*Lumapit sa Panginoon at ipahayag ang iyong mga kasalanan at talikdan ang lahat ng iyong mga pakikikompromiso, pagpapapuri, takot sa tao, kawalan ng tiwala sa Dios at hindi tapat. Panginoon ako'y nagsisisi sa lahat ng aking mga pakikikompromiso at ang pagakatakot sa tao at pagiging masamang halimbawa. Panginoon binubuksan ko ang pintuan sa iyo pumasok ka sa aking buhay.at maging Panginoon sa buong buhay ko. Panginoon ipinangako ko ang aking buhay na mabuhay para sa iyo at paglingkuran ka,* ***Panginoon ako'y aba, maralita, dukha, bulag, at hubad.*** *Panginoon, aliwin moa ko, ibigay sa akin ang aking pangangailangan, buksan ang aking mga makita upang makakita, takpan ang aking kahubaran, at panumbalikin akong muli pabalik sa iyo at sa iyong ministerio. Panginoon magsalita ka sa akin at ibigay sa akin ang mga payo na aking kailangan kong magpatuloy sa tamang direksyon sa aking buhay upang paglingkuran ka, at mamuhay alinsunod sa iyong kalooban. Panginoon ako'y handa at handang gawin ang mabubuting gawain na inihanda mo para sa akin. Ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid at kapatid na babae na nagsisi at binago ang kanilang mga daan, na handang maitma at lumakad sa iyong mga daan. Panginoon tulungan sula na matupad ang kanilang ipinangako sa iyo, at gawin ang tama alinsunod sa iying kalooban at sa iyong Salita.*

*Panginoon kami'y nanalangin para sa amin bilang isang simbahan, na binubuksan naming ang pintuan para sa iyo,, na pumasok at pangunahan kamii at magkaroon ng buong kontrol sa aming buhay Panginoon bilang kami ay handa na manindigan para sa iyo, kami'y nagtitiwala sa iyo na poproetektahan mo kami at ibibigay nag lahat ng aming pangangailangan, at bubuksan ang bagong pintuan para sa amin upang paglingkuran ka, upang magevangelio, upang itaas ang bagong mga alagad at mga bata namat takot sa iyo, at magsanay ng bagog mga manggagawa upang paglingkuran ka kasama namin. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Mga aral mula sa sermon ni Jesus sa bundok Yugto 66. Ang Sulat ni Jesus sa simbahan ng mga taga Laodicea Yugto 2. Pahayag 3:14-22. Mga Gawa 14:22. Mateo 14:3-4. Pahayag 1:12-13. 20. 1 Pedro 1:6-7

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014

SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com